



Ang mga counter ng Customer Service ng Brampton Transit ay muling magbubukas sa karamihan ng mga terminal umpisa Hunyo 22

BRAMPTON, ON (Hunyo 19, 2020) – Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod ng Brampton, ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal ng Brampton Transit sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown ay muling magbubukas mula Hunyo 22. Ang gusali ng Trinity Common Terminal ay mananatiling sarado dahil sa kakulangan ng espasyo para sa paglayo mula sa iba.

Dahil sa limitadong kapasidad ng mga terminal ng Brampton Transit, ang mga terminal sa ibaba ay magbubukas para sa mga transaksyon sa mga counter ng Customer Service, Gateway on the Go at sa paggamit ng banyo.

Ang mga oras ng mga counter ng Customer Service ay ayon sa sumusunod.

Bramalea Terminal

- Lunes hanggang Biyernes: 6 AM hanggang 8 PM
- Sabado: 9 AM hanggang 6 PM
- Linggo: 11 AM hanggang 6 PM

Brampton Gateway Terminal

- Lunes hanggang Biyernes: 6 AM hanggang 8 PM
- Sabado: 9 AM hanggang 6 PM
- Linggo: 11 AM hanggang 6 PM

Downtown Terminal

- Lunes hanggang Biyernes: 7 AM hanggang 7 PM
- Sabado: 9 AM hanggang 6 PM
- Linggo: Sarado

Napakaseryosong hinaharap ng Lungsod ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, lalo na sa panahon ng COVID-19. Gagawin ang sumusunod na mga pangkaligtasang pamamaraan habang muling nagbubukas ang mga counter ng Customer Service.

- Gagawin ang mga pamamaraan ng dalawang metrong paglayo mula sa iba. Ang mga customer ay panatilihin ang dalawang metro ang layo sa isa't isa sa mga pila para sa mga bintana ng Customer Service, at ipapaskil ang mga karatula para sabihin muli ang pamamaraang ito.
- Nakahanda ang staff sa mga terminal para suportahan ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba at panatilihin ang mga customer.
- Ang bawat terminal ay may itinalagang mga pintuan para sa pagpasok at paglabas, kung pinapayagan.
- Ang mga counter at mga pin pad ng Customer Service ay isa-sanitize nang madalas.



Ang pagbibigay ng naaakses na transportasyon para sa mga senior ay nananatiling nangungunang prayoridad para sa Lungsod, sa epekto ng COVID-19, ang petsa ng pagkapaso ng lahat ng aktibong Brampton Transit senior ID card ay tinanggal hanggang sa hindi pa tiyak na panahon.

Mananatiling sarado sa publiko ang mga pasilidad ng Clark at Sandalwood.

Libreng mga mask para sa mga rider habang may suplay pa

Magpapamudmod ang Brampton Transit ng 100,000 hindi medikal na mga mask sa mga rider nito nang walang bayad, habang may suplay pa, bilang unang hakbang sa plano ng muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod ng Brampton. Ang mga hindi medikal na mask ay ipamamahagi sa mga Terminal ng Brampton Transit sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown tungo sa dulo ng linggo ng Hunyo 22.

Bayad sa pamasaha, pagsakay sa pintuan sa harap at mga hindi medikal na mask– simula Hulyo 2 Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga rider na simula Huwebes. Hulyo 2, muling ibabalik ang bayad sa pamasaha at ang pagsakay padaan sa pintuan sa harap. Kasunod ng matinding rekomendasyon ng Peel Public Health at ng Pamahalaan ng Ontario na magsuot ng mask sa mga pampublikong sasakyan, magiging mandatoryo para sa mga rider at operator ng Brampton Transit na magsuot ng mga hindi medikal na mask sa mga bus at mga terminal simula Hulyo 2.

Kahit na mandatoryo ang mga mask, ang mga bata o ang mga may kapansanan o iba pang mga medikal na kondisyon na pumipigil sa kanila na magsuot ng mask ay hindi kinakailangang magsuot ng mask.

Hinihikayat ang mga rider na gamitin ang kanilang PRESTO card para bayaran ang kanilang pamasaha bilang uri ng contactless na pagbabayad. Hinihikayat ng Brampton Transit ang mga rider na gumagamit pa rin ng cash sa pagbabayad na kumuha ng PRESTO card mula sa counter ng Customer Service. Simula Hunyo 22, tatanggalin namin ang bayad sa PRESTO card na \$6 sa loob ng limitadong panahon, isang card bawat customer.

Mga pamamaraang pangkaligtasan sa COVID-19

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na magpatuloy sa paglayo mula sa iba sa pamamagitan ng pananatiling pinakamababang dalawang metro (anim na piye) ang layo mula sa iba mga terminal at sa mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant, tulad ng hand sanitizer o wipes, kapag nagbibiyaha, hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Ang dinagdang iskedul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

May patnubay ng Peel Public Health, hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang lahat na magsuot ng hindi medikal na mask, lalo na sa mga lugar kung saan maaareing mahirap ang paglayo mula sa iba. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at

sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa mga regular na update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca